CROWN OFFICE AND PROCURATOR FISCAL SERVICE

IMPORMASYON PARA SA MGA NAULILANG KAMAG-ANAK

ANG TUNGKULIN NG PROCURATOR FISCAL SA IMBESTIGASYON NG MGA KAMATAYAN

Para sa karagdagang impormasyon at para ma-access ang iba pang mga format ng lathalang ito,
mangyari lang bumisita sa

The Crown Office & Procurator Fiscal Service website: www.copfs.gov.uk

o makipag-ugnayan sa amin sa: 01389 739557.

Layunin ng librito 3

Ang Procurator Fiscal at ang COPFS 3

Biglaan at Hindi Maipaliwanag na Mga Kamatayan 3

Mga Kahina-hinalang Kamatayan 5

Kamatayan ng isang Sanggol o Bata 6

Eksaminasyon Pagkatapos ng Kamatayan 6

Makalipas ang Eksaminasyon Pagkatapos ng Kamatayan 9

Access sa Impormasyon ng pinakamalapit na mga kamag-anak 10

Mga Karagdagang Imbestigasyon 10

Makipag-ugnayan sa Procurator Fiscal 11

Kundisyon ng suporta at impormasyon sa Mga Naulilang Pamilya 12

Ang Layunin ng Libritong Ito

Ang kamatayan ng isang mahal sa buhay ay isang nakakabahala at nakakabalisang panahon. Ang pagkakasali ng Procurator Fiscal sa isang kamatayan ay maaaring nakakalito at nakaka-alala sa mga kamag-anak kung ang tungkulin ng Procurator Fiscal ay hindi naunawaan.

Ang libritong ito ay inilathala ng Crown Office & Prucarator Fiscal Service (COPFS), para matulungan ang mga kamag-anak na maunawaan ang tungkulin ng Procurator Fiscal sa ilang mga partikular na kamatayan, at para maipaliwanag ang ginagawa ng isang Procurator Fiscal.

Ang Procurator Fiscal at ang COPFS

Ang Procurator Fiscal ay mga kuwalipikadong abogado na kinukuha para magtrabaho ng COPFS at kumikilos sa mga tagubilin ng Lord Advocate. Ang Lord Advocate ay may responsibilidad sa Scotland na imbestigahan ang anumang kamatayan na nangangailangan ng karagdagang pagpapaliwanag. Sa ilang mga parte ng United Kingdom, ang Coronore ay maaaring mag-imbestiga sa mga nasabing kamatayan.

Ang responsibilidad ng Procurator Fiscal bilang kaugnayan sa imbestigasyon ng Mga Kamatayan

Kapag may namatay sa Scotland, hindi sila maaaring ilibing o ma-cremate hangga't ang medikal na sertipiko na nagbibigay ng dahilan sa kamatayan ay naipalabas. Ang sertipikong ito ay dapat makumpleto ng isang doktor, at dapat na ipakita ang oras, lugar at sanhi ng kamatayan.

Ang karamihan sa biglaan at hindi mapaliwanag na kamatayan ay inuulat sa Procurator Fiscal dahil hindi magawa ng doktor na kumpirmahin ang sanhi ng kamatayan at samakatuwid, ay hindi magawang maipalabas ang 'death certificate' o sertipiko ng kamatayan.

Sa sandaling naulat na ang kamatayan sa Procurator Fiscal, ang Procurator Fiscal ay may legal na pananagutan para sa katawan, na karaniwang hanggang ang death certificate ay nasulat ng doktor at ibinigay sa pinakamalapit na kamag-anak.

Sa loob ng COPFS, ang Scottish Fatalities Investigation Unit (SFIU) ay isang espesyalistang yunit na responsable sa pag-iimbestiga sa lahat ng mga biglaan, kahina-hinala, aksidente at hindi maipaliwana gna kamatayan. May natalagang pangkat ng SFIU na nakadestino sa bawat lugar ng bansa, sa Hilaga (SFIU North), Silangan (SFIU East) at Kanluran (SFIU West).

Biglaan at Hindi Maipaliwanag na Mga Kamatayan

Ang lahat ng biglaan at hindi mapaliwanag na kamatayan ay dapat i-ulat sa Procurator Fiscal. Ang kamatayan ay karaniwang inuulat ng isang doktor (ang General Practitioner (GP) o doktor sa ospital), ng pulis o ng isang lokal na Registrar of Births, Deaths and Marriages.

Mga Biglaang Kamatayan

Kung ang dahilan man ng kamatayan ay alam o hindi, kung pananaw ng doktor na ang kamatayan ay hindi inaasahan batay sa klinikal na pagsusuri, ito ay inilalarawan bilang "biglaang kamatayan"

Mga Hindi Maipaliwanag na Kamatayan

Kapag ang sanhi ng kamatayan ay hindi alam o hindi malinaw sa isang doktor, ito ay nilalarawan bilang isang "hindi maipapaliwanag na kamatayan".

Mga Ulat sa Procurator Fiscal

Sa sandaling ang kamatayan ng isang tao ay na-ulat sa Procurator Fiscal, ang pasya ay nasa Procurator Fiscal kung anong susunod na kilos ang gagawin, kung mayroon man.

Halimbawa, pagkatapos makipag-usap sa isang doktor, ang Procurator Fiscal ay maaaring sumang-ayon sa sanhi ng kamatayan, magpapalabas ng death certificate at walang dagdag na kilos ang kakailanganin ng Procurator Fiscal.

Bilang alternatibo, maaaring ang Procurator Fiscal ang magpapasya na kailangan magpatuloy ng dagdag na imbestigasyon.

Imbestigasyon at Death Certificate

Hindi pangkaraniwan sa mga kamag-anak na mahirapang maunawaan kung bakit ang kamatayan ay na-ulat sa Procurator Fiscal. Madalas ay naniniwala ang mga kamag-anak na ang kasaysayang medikal ng kanilang mahal sa buhay ay nagpapakita na sila ay may sakit bago sila mamatay, at dahil dito, ang death certificate ay basta na lang dapat ipalabas.

Ang medikal na kasaysayan ay parating isasaalang-alang ng Procurator Fiscal at ng doktor sa pagkokonsidera kung kinakailangan ang higit pang pagpapaliwanag. Gayunman, kahit na may kasaysayan ng karamdaman, para sa medikal na dahilan, maaaring hindi parating makapagpalabas ang mga doktor ng death certificate.

Hindi ito nangangahulugan na ang mga pangyayari ng kamatayan ay na-ulat sa Procurator Fiscal dahil ang mga ito ay naturing na kahina-hinala.

Ang mga Procurator Fiscal mismo ay hindi nag-iimbestiga sa biglaan o hindi mapaliwanag na kamatayan sa yugtong ito; karaniwan ay tuturuan nila ang Pulis na imbestigahan ang mga kamatayan, ang dahilan man ng kamatayan ay kahina-hinala o hindi. Kung ang kamatayan ng inyong mahal sa buhay ay na-ulat sa Procurator Fiscal, marahil na nakausap na ninyo ang Pulis o di malaon ay makikipag-ugnayan sa inyo ang Pulis, sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o nang personal. Maaari silang magtanong ng impormasyon sa inyon hinggil sa mga pangyayari sanhi ng kamatayan at ang inyong mga pananaw tungkol sa iba pang karagdagang pagsusuri sa katawan ng inyong mahal sa buhay na namatay, kung saan ang lahat ay sasabihin sa Procurator Fiscal sa isang ulat ng pulis ('police report').

Kung ang mga paunang imbestigasyon ay hindi nakatiyak sa sanhi ng kamatayan, o kung ang sanhi ng kamatayan ay pinaniniwalaang kilala pero may iba pang mga ikinababahala ukol sa kamatayan, isang eksaminasyon pagkatapos ng kamatayan o 'post mortem' (at kilala rin bilang isang "autopsy") ay maaaring hilingin.

Anumang post mortem ay isasagawa sa morge ng mga kuwalipikadong patologo (mga doktor na dalubhasa sa pagtitiyak ng mga sanhi ng kamatayan).

Mga Kahina-hinalang Kamatayan

Ang lahat ng mga kamatayan kung saan ang pangyayari ay naisip na kahina-hinala ay dapat i-ulat sa Procurator Fiscal.

Kung saan ang mga pangyayari na may kinalaman sa kamatayan ay nagmumungkahi na ang kriminal na pag-uugali ay maaaring naging sanhi o nag-ambag sa kamatayang ito, ito ay inilalarawan bilang isang "kahina-hinalang" kamatayan. Iuutos ng Procurator Fiscal sa Pulis na imbestigahan ang mga pangyayaari at ikokonsidera kung ang mga sakdal na krimen ay dapat na isulong na maaaring magtungo sa isang pag-uusig.

Ang 'post-mortem' na eksaminasyon ay parating kakailanganin sa mga pangyayaring ito para matiyak na ang lahat ng handang magamit na katibayan ay nalilikom para makatulong sa anumang kriminal na eksaminasyon, kasama na ang pagtitiyak sa mga taong iyon na may pananagutan sa kamatayan.

Kung may nasakdal ng krimen na may koneksyon sa kamatayan o kung may patuloy na isinasagawang kriminal na imbestigasyon na may kaugnayan sa mga pangyayari na nagtungo sa kamatayan, sa gayon ay maaaring kailanganing sundan ng karagdagang post portem na eksaminasyon. Ito ay madalas na tinatawag na isang Defence post mortem dahil ito ay hinihiling sa ngalan ng (mga) indibiduwal na naakusahan ng nasabing krimen. Kung kinakailangan mula sa Procurator Fiscal na itabi ang katawan ng inyong namatay na mahal na buhay para sa layuning ito, papayuhan kayo at ipapaliwanag ang mga pangyayari.

Sadyang pagpaslang o May Salang Pagpatay

Kung may malapit sa inyon sadyang pinaslang o pinatay bilang isang resulta ng may salang pagpapatay ('cuplable homicide'), maaaring makatulong na basahin ang impormasyon na nilalaman ng lathala ng Scottish Government: Impormasyon sa mga naulilang kapamilya at kaibigan pagkatapos ng sadyang pagpapaslang o may salang pagpatay

Kung pinaniniwalaan na ang inyong mahal sa buhay ay namatay sanhi ng mga pangyayaring ito, isang kopya ng lathalang ito ang dapat ibigay sa inyo ng inyong family liason officer ng Pulis sa umpisa ng pag-iimbestiga ng pulis.

Krimen sanhi ng Poot

Ang isang krimen ay ginawa dahil ang akusado ay na-udyok ng pagkiling laban sa isang partikular na lahi, relihiyon, sexual orientation, transgender identity o kapansanan ay inilalarawan bilang isang krimen na pinalala sanhi ng pagkiling o krimen sanhi ng poot. Kung sa palagay ninyo na ang kamatayan ng inyong mahal sa buhay ay kinasasangkutan ng nasabing krimen, sa gayon ay mangyari lang sabihin sa Pulis at sa Procurator Fiscal tungkol dito. Ang lahat ng mga krimen ay hindi tinitiis at kung saan may sapat na katibayan sa ilalim ng batas ng nasabing pagkiling, ito ay isasama sa anumang mga sakdal na haharapan ng akusado.

Mga kamatayan sanhi ng pagpapakamatay

Ang lahat ng mga kamatayan kung saan ang mga pangyayari na napalagay na resulta ng sadyang pananakit sa sarili ay dapat i-ulat sa Procurator Fiscal. Ang isa sa mga pangunahing dahilan dito ay hindi isama na ang kamatayan ay likas na kahina-hinala. Sa karamihan sa mga nasabing kamatayan, ang Procurator Fiscal ay dapat mag-utos ng isang eksaminasyon na post mortem.

Mga Kamatayan sa Sasakyan

Kung mayroon malapit sa inyong namatay sanhi ng isang banggaan ng sasakyan, maaaring makatulong sa inyong basahin ang impormasyon na nilalaman sa loob ng lathala ng Brake: Impormasyon at payo para sa mga naulilang pamilya at kaibigan kasunod ng isang kamatayan habang nasa sasakkyan sa Scotland

Kung pinaniniwalaan na ang inyong mahal sa buhay ay namatay sanhi ng mga pangyayaring ito, isang kopya ng lathalang ito ay maaaring ibigay sa inyo ng inyong family liason officer ng Pulis sa umpisa ng pag-iimbestiga ng pulis.

Kamatayan ng isang Sanggol o Bata

Kinikilala ng Procurator Fiscal ang matinding pighati at pagkabalisang naranasan ng mga magulang kasunod ng isang biglaan at hindi inaasahang kamatayan ng kanilang sanggol o batang anak.

Kung ang kamatayan ng isang sanggol o bata ay inulat sa Procurator Fiscal, marahil na may karagdagang imbestigasyon ang i-uutos para matiyak ang mga pangyayari na naghantong sa kamatayang ito. Maaaring magpasya ang Procurator Fiscal na ang eksaminasyong post mortem ay kinakailangan.

Eksaminasyon na 'Post Mortem' o Pagkatapos ng Kamatayan

Uutusan ng Procurator Fiscal ang isang eksaminasyon na 'post mortem' para sa lahat ng mga kahina-hinalang kamatayan; ang lahat ng mga kamatayan na nananatiling hindi maipaliwanag makalipas ang karagdagang paunang imbestigasyon; at sa maraming iba pang mga situwasyon kung saan ang mga ikinababahala ay tungkol sa mga pangyayari o sanhi ng kamatayan.

Ang eksaminasyon na post mortem ay dapat gawin sa lalong madaling panahon makalipas i-ulat ang kamatayan sa Procurator Fiscal at madalas ay magaganap sa loob ng ilang araw makalipas ang petsa ng pagkamatay.

Ito ay isang desisyon ng Procurator Fiscal kung dapat gawin ang isang eksaminasyon na post mortem kasunod ng pag-uulat ng kamatayan. Kahit na ang inyong pahintulot ay hindi kinakailangan, anumang mga ikinababahala na mayroon kayo ay dapat sabihin sa pulis, sa mga doktor, at sa oras na kayo ay balitaan tungkol sa kamatayan, ay maaaring i-ulat sa Procurator Fiscal at parating isasaalang-alang ang mga ito, ng Procurator Fiscal.

Pagkikilala

Bago gawin ang isang eksaminasyon na post mortem, minsan ay kinakailangang gawin ang isang pormal na pagkikilala. Ito ay dapat gawin ng isang tao na kilala ang namatay noong buhay pa ito. Kapag tila kahina-hinala ang mga pangyayari, ang katawan ay kailangang kilalanin ng dalawa pang mga tao.

Ang pinakamalapit na kamag-anak ay karaniwang hinihiling na gumawa nito, kahit na posibleng iba pa ang kumilala sa katawan. Ito ay karaniwang kinasasangkutan ng pagpunta sa morge kung saan ang eksaminasyon na post mortem ay ginagawa. Ang pagkikilala ay dapat na kumpirmahin ng mga opisyal ng pulis na naroroon at madalas ay sa patologo. Ang lahat ay gagawin para matulungan ang mga kamag-anak at mabawasan ang hirap sa kabuuan nitong mahalagang proseso.

Mga 'view and grant' na eksaminasyon (o eksaminasyon ng pagtitingin lang at pagpapahintulot)

Sa Scotland, may layunin para sa Procurator Fiscal, sa ilang mga pangyayari, na hilingin sa patologo na magsagawa ng isang 'view and grant' na eksaminasyon na post mortem kaysa sa isang ganap post mortem na eksaminasyon. Ito ay binubuo ng isang maingat at detalyadong panlabas na eksaminasyon ng katawan at pagkokonsidera sa mga medikal na rekord ng patologo.

Nasa indibiduwal na patologo ang desisyon para matiyak kung ang nasabing eksaminasyon ay angkop dahil sila ang may propesyonal na pananagutan para matiyak ang sanhi ng kamatayan 'sa lubos ng kanilang kaalaman at paniniwala'. Anng desisyon na gagawin nila ay dapat makatuwiran, hindi lamang sa inyo bilang pinakamalapit na kamag-anak ng namatay at sa COPFS, at para na rin sa kanilang mga kasamahan sa propesyon at mga organisasyon ng propesyon kasama na ang General Medical Council.

Paggamit ng iba pang mga alternatibong hindi ganap na mga pamamaraan ng eksaminasyon na post mortem.

Sa ibang mga parte ng United Kingdom, walang pasilidad para magsagawa ang isang 'view and grant' na eksaminasyon na post mortem, may pagsasaalang-alang sa paggamit ng iba pang alternatibong hindi ganap na mga paraan para subukan at matiyak ang sanhi ng kamatayan, halimbawa ang Magnetic Resonance Imaging (MRI) na pagsuri sa katawan ng namatay. Ang nananaig na pananaw sa mga patologo na nagtatrabaho sa Scotland ay ang nasabing pamamaraan ay angkop lang sa mga kaso na kung saan nakonsidera na nila ito at sa karamihang kaso ay nagkaloob na ng mga death certificate sa pamamaraan na 'view and grant'. Kaya, ang pag-scan ay kasalukuyang hindi nakokonsidera na angkop sa Scotland para matiyak ang sanhi ng kamatayan.

Pagtatabi ng tissue at mga sample

Kapag may naganap na eksaminasyon na post mortem, ang maliliit na mga biological na sample, na maaaring may kasamang mga tissue sample, ay madalas na kinukuha para masuri. Ito ay para matulungan ang patologo na matatag ang sanhi ng kamatayan. Sa sandaling ang mga katanungang ito ay nakumpleto na, ang mga sample ay itatabi bilang parte ng mga medikal na rekord.

Mga tinabing organo

Sa mga maliliit na bilang ng mga kaso, ang patologo ay maaaring magpasya na kailangang alisin ang organo mula sa katawan para masuri ito nang mas detalyado. Ang eksaminasyon ng mga organo ay misnan maaaring tumagal ng buwan. Kung ang isang organo ay itatabi nang biwalay kasunod ng pagbabalik ng katawan ng namatay sa inyo, makikipag-ugnayan sa inyo ang Procurator Fiscal para sabihin sa inyo na ito ay mangyayari at ipapaliwanag nang mas detalyado ang proseso.

Pagbibigay bilang donasyon ng organo at tissue

Kung ipinahayag ng isang namatay ang pagnanais na ibigay bilang donasyon ang kanilang mga organo o tissue, kung kailan angkop, ang lahat ng pagsisikap ay gagawin para subukan at matamo ito bago ang eksaminasyong post mortem. Ang COPFS at ang Scottish Transplant Group ay may napagkasunduang pamamaraang nakatakda para sa pakikitungo sa mga ganitong kaso kung saan ang organo at/o tissue na transplantation ay maaaring pag-isipan.

Eksaminasyon na Post Mortem sa Ospital

Kung ang inyong mahal sa buhay ay namatay sa ospital at ang kanilang kamatayan ay na-ulat sa Procurator Fiscal pero napagpasyahan ng Procurator Fiscal na walang dagdag na kilos o imbestigasyon ang kinakailangan para matatag ang pangunahing sanhi ng kamatayan, maaaring nais na isagawa ng ospital ang isang post mortem na eksaminasyon sa layuning medikal. Ito ay maaaring bilang halimbawa na tulungan ang medikal na pananaliksik o sa layunin ng pagsasanay. Sa nasabing ganoong situwasyon, ang Procurator Fiscal ay karaniwang ipapahiwatig na wala silang pagtutol sa isang eksaminasyon na post mortem ng ospital pero hindi tulad ng ibang mga uri ng post mortem na nakalista dito, ang inyong pahintulot ay hihilingin para sa post mortem ng ospital.

Mga Hindi Pagsang-ayon sa Isang Eksaminasyon na Post Mortem

Kinikilala ng Procurator Fiscal na ang posibilidad ng isang post mortem na eksaminasyon ay maaaring nakabahala, at ang paghihintay sa mga resulta ng anumang eksaminasyon ay maaaring magpaantala sa paglibing na maaaring maging sanhi ng mga kahirapan sa mga nagdadalamhating kaibigan at kamag-anak.

Ang Procurator Fiscal ay sensitibo rin sa iba't ibang mga relihiyon at mga pang-kultura na paniniwala sa buong Scotland, at sa kanilang indibiduwal na mga pangangailangan at kahilingan.

Kung kayo ay salungat sa isang post mortem na eksaminasyon na nagaganap, sa anumang dahilan, mangyari lang tiyakin na sasabihin ninyo ito sa doktor at/o sa Pulis sa lalong madaling panahon.

Parating ikokonsidera ng Procurator Fiscal ang inyong mga pananaw at paniniwala kapag isinasaalang-alang kung mag-uutos o hindi ng isang post mortem na eksaminasyon, at parating pakikitunguhan ang inyong mga nais nang may paggalang. Sa kasamaang loob, hindi parating posiblen na masundan ang mga nais na ito, at isang post mortem na eksaminasyon ay minsan hihilingin pa rin, lalo nakung tila ang mga pangyayari ay kahina-hinala.

Mga Relihiyoso at Batay sa Kultura na Paniniwala

Bilang kaugnayan sa panahon na inilaan para makumpleto ang post mortem na eksaminasyon, ang parehong Procurator Fiscal na nagtrabaho sa loob ng SFIU at ang mga patologo na nagsagawa ng mga eksaminasyon ay ganap na may kaalaman sa mga kahilingan batay sa relihiyon at kultura noong mga nasabing paniniwala na ang katawan ay kailangan ilibing sa lalong madaling panahon makalipas ang pagkamatay. Kung ang paniniwala ng may sakit ay kilala magsisikap na ibalik ang pumanaw sa pinakamalapit na mga kamag-anak sa lalong madaling panahon.

Siyempre ay layunin ng Procurator Fiscal sa loob ng SIU at mga patologo na makumpleto ang lahat ng eksaminasyon sa sandaling ito ay magagwa sa lahat ng mga kaso anuman ang kanilang paniniwala.

Makalipas ang Eksaminasyon Pagkatapos ng Kamatayan

Makalipas ang isang post mortem na eksaminasyon, ang medikal na sertipiko na nagsasaad ng dahilan ng kamatayan ay isusulat ng patologo at gagawing handang makuha o makita ng pinakamalapit na kamag-anak.

Ang sanhi ng kamatayan tulad nang nakasulat sa sertipiko ng patologo ay maaaring nakasaad o hindi sa huling nakatalang sanhi ng kamatayan. Ang natalang sanhi ng kamatayan ay maaaring magbago sa loob ng ilang mga linggo, o maaaring ilarawan bilang 'hindi tiyak' o 'hindi alam', o iba pang bagay na katulad nito. Ito ay para pahintulutan ang patologo na isaalang-alang ang mga natuklasan sa kanilang eksaminasyon, para matanggap ang mga resulta ng dugo/tissue/organo na pagsusuri at iba pang mga pagsusuri na isasagawa, at para magamit ang impormasyong ito para matatag ang panghuling natalang sanhi ng kamatayan.

Pagtatanggap ng 'Death Certificate' o Sertipiko ng Kamatayan

Maaaring may mga pagkakaiba ayon sa lugar sa bansa kung paano ninyo makukuha ang 'death certificate'. Sa ilang mga lugar, ang Pulis ay maglilikom ng sertipiko mula sa morge at ihahatid sa inyo bilang ang pinakamalapit na kamag-anak; sa iba naman, ang funeral director ang magkokolekta nito; at sa ibang lugar, maaaring kailangan ninyong magpunta sa morge para kolekatahin ito nang personal.

Ang inyong funeral director ay maaaring makapagpayo sa inyo kung ano ang mangyayari sa inyong lugar at mapapaliwanag tungkol sa pagrerehistro ng kamatayan. Ang karagdagang impormasyon sa pagpapahirestro ng kamatayan ay matatagpuan sa National Records of Scotland (NRS)

Ang Procurator Fiscal ay karaniwang ibibigay ang legal na pananagutan sa katawan sa sandaling ang pinakamalapit na kamag-anak ay may death certificate na.

Sa kaunting bilang na mga kaso, maaaring kailangang manatili sa Procurator Fiscal ang responsibilidad ng katawan ng namatay ng mas matagal na panahon, para mapahintulutan ang mga karagdagang imbestigasyon na maisagawa batay sa mga pangyayari. Ito ay nangyayari lang sa kakaunting mga kaso ng kamatayan, na kadalasan ang kung ang kamatayan ay naturing na kahina-hinala. Kung kinakailangan ito, papayuhan kayo ng Pulis o ng Procurator Fiscal.

Ang mga pagbabago sa Natalang Sanhi ng Kamatayan

Ang nakumpletong post mortem na ulat ay karaniwang handang makuha sa laoob ng 6 hanggang 8 linggo makalipas ang post mortem na eksaminasyon ay naisagawa.

Kung ang natalang sanhi ng kamatayan ay patuloy na magbabago mula sa nakasulat sa orihinal na death certificate, ito ay karaniwang magbabago sa loob ng 6 hanggang 8 linggo ng post mortem na eksaminasyon na nagaganap. Kung ang natalang sanhi ng kamatayan ay nagbago, ang pinakamalapit na kamag-anak ay sasabihan tungkol sa pagbabago sa pamamaraan ng liham mula sa Procurator Fiscal sa lalong madaling panahon.

Kinikilala ng Procurator Fiscal na ang pagkakaantala sa pagtatatag ng panghuling sanhi ng kamatayan ay maaaring nakakabalisa sa isang pamilya, pero ito ay isang mahalagang parte ng proseso.

Kung ang natalang sanhi ng kamatayan ay nagbago, wala kayong kailangang gawin tungkol dito dahil sasabihin ng Procurator Fiscal sa National Records of Scotland sa ngalan ninyo, na bilang kapalit ay papayuhan ang lokal na registrar of births, deaths and marriages ng kinakailangang pagbabago. Ang lokal na registrar ay mapapayuhan kayo kung paano ninyo maaaring makuha ang binagong death certificate, na nagpapakita ng binagong natalang sanhi ng kamatayan. Mangyari lang huwag makipag-ugnayan sa lokal na registrar hanggang nakipag-ugnayan sa inyo sa pamamagitan ng liham mula sa NRS na nagpapayo tungkol sa bagong makukuhang sertipiko

Access sa Impormasyon ng pinakamalapit na mga kamag-anak

Kapag humiling ang mga pamilya ng mga kopya ng dokumentong inihanda bilang koneksyon sa imbestigasyon ng kanilang mahal sa buhay, tulad ng ulat ng post mortem o ulat ng imbestigasyon ng banggaan na naging sanhi ng kamatayan, ang Procurator Fiscal ay magkakaloob ng mga kopya ng dokumentong hinihiling.

Ang iisang hindi kasama dahilan na hindi ibibigay ng Procurator Fiscal ang hiniling na dokumentong ito ay kapag ang pahayag ay kikiling sa anumang kriminal na paglilitis laban sa isang akusadong tao bilang koneksyon sa kamatayan na patuloy na isinasagawa o nakabinbin. Kasunod ng pagtatapos ng anumang kriminal na pagdinig, gayunman, anumang nasabing hiniling na impormasyon ay ipagkakaloob sa pamilya.

Titiyahin ng Procurator Fiscal na ang pagkakaloob ng impormasyong ito ay isasagawa sa isang sensitibong paraan dahil ang impormasyong nilalaman sa anumang mga ulat ay nakakabahala. Halimbawa, ang isang ulat ng post mortem sa mga tuntunin nito, at sa kalikasan nito ay maaaring nakakabahala na basahin at mahirap maunawaan. Ang inyong General Practitioner (GP) ay maaaring pumayag na tanggapin ang ulat sa ngalan ninyo, at ipapaliwanag ang mga tuntunin nito sa inyo. Kung ganito ang kaso, sa gayon ay mangyari lang sabihin sa Scottish Fatalities Investigation Unit team ang pangalan at address ng inyong GP at ang Procurator Fiscal na aayusin ang kopya ng ulat na ipapadala sa inyong GP sa halip na ipadala sa inyong address ng tirahan.

Mga Karagdagang Imbestigasyon

Habang ang ilang mga imbestigasyon sa kamatayan na natapos sa sandaling nalaman na ang sanhi ng kamatayan, ang iba pang mga kamatayan ay maaaring hilingin ang dagdag na detalyado at minsan ay mahabang imbestigasyon, kabilang ang mahirap na teknikal at mga medikal na isyu at opinyon ng isang dalubhasa na isasagawa. Sa pagtatapos ng imbestigasyon ng Procurator Fiscal, maaaring kailangan ng pagsasagawa ng isang Fatal Accident Inquiry (FAI).

<u>Paghiling o Pagtatanong ng Nakakamatay na Aksidente</u>

Ang isang Fatal Accident Injury ay isang uri ng paglilitis sa korte na sa harap ng publiko ay nagtatanong tungkol sa mga pangyayari ng kamatayan. Ito ay pamumunuan ng isang Sheriff at karaniwang magaganap sa Sheriff Court. Kung ang kamatayan ay naganap bilang resulta ng isang aksidente habang nasa legal na kustodya, halimbawa sa bilangguan o kustodya ng pulis, isang Fatal Accident Inquiry ang karaniwang ginagawa. Ang mga FAI ay gagawin sa ibang mga pangyayari kung napalagay ng COPFS na nasa interes ng publiko na gawin ito. Hinahangad ng COPFS na magsasagawa ng mga FAI sa sandaling maaari ito, makalipas ang kamatayan.

Ang layunin ng FAI ay tasahin ang mga pangyayari na pumapalibot sa kamatayan at kilalanin ang anumang mga isyu na ikinababahala ng publiko o ukol sa kaligtasan at para maiwasan ang mga panghinaharap na kamatayan o pinsala. Ang Procurator Fiscal ay may responsibilidad na tumawag ng mga saksi at pamunuan ang mga katibayan sa isang FAI, kahit na ang iba pang mga interesadong partido ay maaari rin may kumatawan at magtanong sa mga saksi.

Sa katapusan ng FAI, magpapasya ang Sheriff. Itatakda ng pasya kung:

- saan at kailan naganap ang kamatayan
- ang sanhi ng kamatayan
- anumang mga pag-iingat na marahil nagawa upang maiwasan ang kamatayan
- anumang hindi wastong paggana sa mga sistema na naging sanhi o nagbigay kontribusyon sa kamatayan
- anumang iba pang mga katotohanan na may kinalaman sa mga pangyayari ng kamatayan

Hindi maaaring magsagawa ng mga pagsusuri ang FAI para sa sala o pagbigay sala laban sa mga indibiduwal.

Makipag-ugnayan sa Procurator Fiscal

Bago na-ulat ang kamatayan

Bago maulat ang kamatayan ng inyong mahal sa buhay sa Procurator Fiscal, ang pulis o doktor na nag-uulat ng kamatayan ay dapat makayanang tumulong sa inyong mga katanungan sa unang pagkakataon. Kailangan lang nilang balitaan ang Procurator Fiscal kung kayo ay may anumang mga katanungan, komento o ikinababahala.

Makalipas na i-ulat ang kamatayan

Kasunod ng pag-ulat ng kamatayan ng inyong mahal sa buhay sa Procurator Fiscal, kung nais ninyong talakayin ang mga bagay-bagay sa Procurator Fiscal o kailangan ang anumang iba pang impormasyon, mangyari lang makipag-ugnayan sa Scottish Fatalities Investigation Unit sa mga oras ng trabaho sa pamamagitan ng Enquiry Point sa 01389 739 557 at hilingin na maka-usap ang SFIU. Kung mayroon kayong numero ng sanggunian (reference number) ay dapat ninyong banggitin ito sa operator dahil ito ay makakatulong na ipasa kayo sa kaukulang tao na makakatulong sa inyo.

Ang staff mula sa COPFS Victim Information and Advice (VIA) ay makikipag-ugnayan sa inyo kung may paghahatol, kasunod ng mga imbestigasyon makalipas ang eksaminasyong post mortem o isang Fatal Accident Inquiry. Ang staff ng VIA ay makakapagkaloob sa inyo ng impormasyon tungkol sa pagsulong ng kaso at makakatulong sa inyong makipag-ugnayan sa mga nagbibigay suportang ahensya.

Ang mga pinakamalapit na kamag-anak ay aanyayahan na makipagkita sa Procurator Fiscal kapag may posibilidad ng pagkakaroon ng mga kriminal na paglilitis, o kapag ikinokonsidera ang isang Fatal Accident Inquiry, o kung saan kabilang sa kamatayan ang banggaan ng sasakyan, sa sandaling maaari nang gawin ito. Sa tagal ng imbestigasyon, ang Procurator Fiscal ay makikipag-ugnayan sa mga pinakamalapit na kamag-anak ng pamilya ng namatay para matiyak na sila ay may ganap na impormasyon sa anumang pagsulong at para matiyak na ang kanilang mga pananaw ay mainamm na nakokonsidera kapag may anumang mga desisyon na ginagawa.

Scottish Fatalities Investigation Unit



Kundisyon ng suporta at impormasyon sa Mga Naulilang Pamilya

Ang Scottish Cot Death Trust

Ang Scottish Cot Death Trust (SCDT) ay isang charity na nagbibigay ng suporta at impormasyon sa mga pamilya na nakaranas ng biglaan at hindi inaasahang kamatayan ng bata. Ang COPFS ay sumang-ayon na tulungan ang SCDT sa pagsusuporta sa nasabing mga pamilya, kung kailan angkop, para ang SCDT ay makipag-ugnayan sa kanila para makapaghandog ng tulong at payo.

Kapag na-ulat ang kamatayan ng isang bata sa Procurator Fiscal at kapag malinaw na walang katibayan o paghihinala ng anumang nagawang krimen, ang Procurator Fiscal ay magpapadala ng liham sa pamilya, sa loob ng dalawa o tatlong araw nang kamatayan na nagpapayo na iminumungkahi na ibigay ang kanilang mga detalye sa SCDT, maliban kung ipahiwatig ng pamilya ang anumang hindi pagsasang-ayon na gawin ito. Ang liham na ito ay may kasamang SCDT leaflet "Suporta para sa pamilya makalipas ang biglaan at hindi inaasahang kamatayan ng sanggol o batang anak". Ang Trust ay makakapagbigay rin ng edukasyon at pagsasanay para sa mga propesyonal na kasangkot sa proseso ng Sudden Unexpected Death in Infancy (SUDI).

The Scottish Association for Mental Health (SAMH)

Ang SAMH ay isang Scottish na charity na nagtatrabaho para mapahusay ang kalusugang pangkaisipan ng komunidad ng Scotland. Bilang bahagi ng kanilang National Programme for Suicide Prevention sila ay gumawa ng isang lathala o babasahin na tinatawag na "Pagkatapos ng Isang Pagpapakamatay". Layunin nito na tulungan ang pinakamalapit na mga kamag-anak na naulila dahil sa pagpapakamatay sa pamamagitan ng mga praktikal na isyu na kailangang harapin, ipahayag ang ilang mga damdamin na nararamdaman nila at magmungkahi ng ilang mga lugar na maaaring

makakuha ng tulong. Ang lathalang ito ay may isang seksyon tungkol sa tungkulin ng Procurator Fiscal at naglalaman ng mga video na may paliwanag mula sa mga pangunahing organisasyon, na kabilang sa imbestigasyon ng isang pagpapakamatay.

Cruse Bereavement Care Scotland

Ang Cruse Bereavement Care Scotland ay isang charity na hangad na tulungan ang lahat ng nakakaranas ng pagka-ulila para maunawaan ang kanilang pagdadalamhati at kakayahang makayanan ang kawalan. Ang Cruse ay nagtatrabaho sa pamamagitan ng mga boluntaryo, na nagkakaloob ng libreng pag-aalaga sa mga naulilang tao. Ang Cruse ay nagbibigay rin ng pagsasanay at edukasyon sa mga indibiduwal at organisasyon, sa pagka-ulila at kawalan. Ang staff ng COPFS staff ay kasama doon sa mga tumatanggap ng pagsasanay na ito.

Petal (People Experiencing Trauma and Loss)

Ang Petal ay naghahandog ng praktikal at suportang pandamdamin, pagtatanggol, suporta ng grupo at pagpapayo sa mga pammilya at kaibigan ng mga biktim ng pagpapaslang at pagpapakamatay.

Victim Support Scotland

Ang Victim Support Scotland ay ang pangunahing boluntaryng organisasyon sa Scotland na tumutulong sa mga taong naapektuhan ng krimen. Ito ay nagbibigay ng pandamdaming suporta, praktikal na tulong at mahahalagang impormasyon sa mga biktima, mga saksi at naulilang kamag-anak na dumadalo sa korte, at iba pang mga naapektuhan ng krimen. Ang serbisyong ito ay libre, kompidensyal at ipinagkakaloob ng mga boluntaryo sa pamamagitan ng isang samahan ng mga biktima na nasa komunidad at mga serbisyo para sa katarungan ng mga kabataan at mga serbisyo sa saksi na base sa korte.

Scotland's Campaign against Irresponsible Drivers (SCID)

Layunin ng SCID na magbigay ng praktikal at pandamdaming suporta para sa mga pamilyang naulila o mga biktima na nasaktan sanhi ng banggaan ng sasakyan. Ang suporta ay ibinibigay noong mga naulila rin mismo. Ang suportang ito ay ipinagkakaloob nang walang limitasyon sa oras.

Interfaith Scotland

Ang Interfaith Scotland ay nagbibigay ng forum sa mga taong mula sa iba't ibang mga relihiyon at paniniwala para makapag-usap usap sa isa't isa tungkol sa mg bagay bagay na mahalaga sa relihiyon, pambansa at lipunan. Ang Interfaith Scotland ay nagsasagwa ng mga talakayan sa pagitan ng mga kabataan, mga kababaihan, mga komunidad para sa pananampalataya, mga leader ng relihiyon, mga miyembro ng Interfaith Scotland at mga lokal na interfaith na grupo.

Edinburgh Interfaith Association (EIFA)

Ang EFIA ay isang charitable na organisasyon na nagtataguyod ng pagkakaisa ng mga relihiyon, pagkakaiba iba at mga patas na oportunidad sa Edinburgh at mas malawa na sakop sa pamamagitan ng pagsasama-sama sa mga komunidad ng pananampalataya sa mas malalim na talakayan na nagtutungo sa pagkakaunawaan ng isa't isa, pagtitiwala, paggalang, at pagkakaisa at kapayapaan. Ang isa sa mga layunin nito ay pasulungin

ang edukasyon ng pangkalahatang publiko sa inter-faith at mga multicultural na isyu para malubusan ang kanilang kamalayan at pagkakaunawa.

Scottish Council of Jewish Communities (SCoJeC)

Ang Scottish Council of Jewish Communities (SCoJeC) ay ang namumunong karawan sa komunidad ng Jews sa Scotland. Ito ay tinatag para mapasulong ang pag-uunawa ng publiko tungkol sa relihiyon ng Jews, ang kanilang kultura, at komunidad, sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon at tulong sa edukasyon, kalusugan, at welfare na mga organisasyon, para kumatawan sa komunidad ng Jews sa Scotland sa Pamahalaan at iba pang mga namamahalang katawan, at para makipag-ugnayan sa mga Minister, Mga Miyembro ng Parlyamento ng Scotland, mga Simbahan, mga Trade Union, at iba pang mga bagay bagay na nakaka-apekto sa komunidad ng Jews. Tinataguyod rin ng SCoJeC ang pag-uusap at pag-uunawa sa pagitan ng komunidad ng Jews at iba pang mga komunidad sa Scotland, at nakikipagtulungan sa iba pang mga organisasyon at stakeholders para mataguyod ang pagiging patas ng lahat, mabuting ugnayan, at pag-uunawa sa pagitan ng mga grupo sa komunidad.

Muslim Council of Scotland

Ang Muslim Council of Scotland ay isang samahan ng mga asosasyon ng Muslim, mga mosek at institusyon sa Scotland. Ito ay may membership na pangunahing organisasyon, na tumutulong at kumakatawan sa iba't ibang mga background sa lipunan at kultura at pananaw sa komunidad ng mga Muslim. Ito ay isang independiyenteng grupo na nagtataguyod ng konsultasyon, kooperasyon, at koordinasyon ng mga gawain ng Muslim sa Scotland. Ito ay isang non-sectarian at non-partisan na grupo na nagtatrabaho para sa iisang mabuting hangarin nang hindi namamagitan, nag-aalis o hinihiwalay ang anumang mga kasalukuyang gawain sa komunidad.

Age Scotland

Ang Age Scotland ay ang nangungunang chartiy para sa lahat ng mga nakatatanda sa Scotland. Ang Age Scotland ay nagkakampanya, nananaliksik at naglilikom ng pondo para pahusayin ang buhay para sa lahat kapag tumanda. Tinitiyak ng organisasyon na naririnig ang mga boses ng mga mas nakatatanda, ang mga paghamon sa mga ito at pagbabago sa pag-uugali, lumalaban sa diskriminasyon at hinaharap ang mga pag-aabuso sa mas nakatatanda sa lahat ng mga anyo nito. Ang Age Scotland ay inilalagay ang mga mas nakatatanda sa lahat ng kanilang mga ginagawa.